

Mula Tarima Tungong Paglaya: Ang Pakikisangkot ng Sining at Sining ng Pakikisangkot ni Ericson Acosta

***(From Prison Bunk Bed to Freedom: The Commitment of Art and the
Art of Commitment by Ericson Acosta)***

Kevin P. Armingol

Tanggapan ng Larangan ng Filipino, Far Eastern University-Manila
karmingol@feu.edu.ph

ABSTRAK

Layunin ng papel na ito na suriin ang katipunan ng mga tulang nakikisangkot ni Ericson Acosta (isang dating bilanggong politikal), na pinamagatang *Mula Tarima Hanggang At Iba Pang Mga Tula at Awit*. Sa pamamagitan ng tekstual na pagsusuri, nais palitawin ng pag-aaral ang tatlong pangunahing elemento: pamamaraang pangwika, pamamaraang pansining, at pagpapatampok ng kilusang panlipunan. Mula rito, higit na mapalilitaw ang paninindigan at prinsipyo ng makata bilang bahagi ng mapagpalayang kilusan, sa loob man o labas ng kulungan, at pagpapatindi ng panawagang palayain ang mga bilanggong pulitikal sa bansa.

Mga Susing Salita: panulaang Filipino, makabayang tradisyong pampanitikan, Ericson Acosta, sining, pakikisangkot

~~~

### **ABSTRACT**

*This paper aims to analyze the collection of political poems by Ericson Acosta (a former political detainee) published as “Mula Tarima Hanggang Paglaya At Iba Pang Mga Tula at Awit”/“From Prison Bunk Bed to Freedom And Other Poems and Songs.” With the use of textual analysis, the study will stress three important elements: language styles, artistic techniques, and presentation of images of the social movement. Through these, the article will give more emphasis on the standpoint and principles of the poet as a member of the movement for social emancipation, be it inside or outside of the prison cell, and reiterate the call for freedom of all the political prisoners in the country.*

**Keywords:** Filipino poetry, nationalist literary tradition, Ericson Acosta, art, commitment

~~~

Sa bawat lipunang humaharap ng kronikong krisis tulad ng kagutuman, kahirapan at giyerang sibil na iniluluwal at pinatitingkad sa ilalim ng namamayaning sistemang umiiral sa mundo— ang neoliberalismo, bilang nabubulok na mukha ng kapitalismo, lumilikha rin ito ng malawak na ahensya ng pagtutol at pagbalikwas sa namamayaning kaayusan; kabilang na sa sektor ng kultura at sining, partikular ang mga makata. Wika nga ng nobelistang Salman Rushdie, marami ang mga makata sa mga bayang walang humpay ang sigalot. Sa kabilang banda, maituturing na ‘konsensya ng bayan’ ang mga makatang nag-aalay ng kanilang tula sa kanilang bayan, kung hindi man ay nakikisangkot sa pang-araw-araw na buhay ng kanilang mamamayan.

Layunin ng papel na ito na suriin ang librong *Mula Tarima Hanggang At Iba Pang Mga Tula at Awit* ni Ericson Acosta, dating bilanggong pulitikal, na nagkamit ng 35th National Book Award sa kategoryang “Best Book of Poetry in Filipino” ng National Book Development Board (NBDB) na nalathala noong 2015. Interessanteng alamin ang pagkakawagi ng koleksyon ng mga tula ni Acosta laban sa dalawang dambulahang personalidad ng Panulaang Filipino: ang beteranong makatang si Lamberto E. Antonio sa kanyang librong “Lilok ng Lilo: Mga Tula” at ang tatlong dekadang samahang pampanulaan na Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo o LIRA sa pangunguna nina Enrique S. Villasis sa kanyang librong “Agua” at Charles Bonoan Tuvilla sa libro niyang “Sa Ilalim ng Pilik” (Books Philippines).

Sa isandaang (100) tula at awit sa *Mula Tarima*, pumili ng pinakatampok na mga akda sa libro: 5 tula at 5 awit na may kabuuan ng 10 tekstong tatalakayin sa papel. Upang maisakatuparan ang pag-aaral, nakapaloob ito sa metodo ng tekstuwal na pagsusuri na naglalayong mapalitaw at mapatampok ang usaping pangwika at pamantayang pansining. Ang mga tula at awit na susuriin na naisulat sa pagitan ng mga panahong 1994-2013 (o halos dalawang dekada) ay ang mga sumusunod: Para sa tula, ang mga akdang *Ang Rehas*, *Signos*, *Praktis*, *Mula Tarima Hanggang at Nakahiga sa Tarima*, *Kaharap ng Pader*. Samantala, para naman sa awit ay ang *Half Hip-Hop: Isang Di Tapos na Tangkang Mag-jailhouse Rap*, *Isang Minutong Katahimikan*, *Hola*, *Daang Mendio*, *Hola! Dahil* at *Magsasama*, *Magkasama*.

Mula sa mga nabanggit sa itaas, ang proseso ng paraan ng pagpili ay batay sa subhektibong pagpapasya ng mananaliksik batay sa mga obhektibong katangian ng mga tula at awit mula sa mga sumusunod: pamamaraang pangwika, pamantayang pansining at pagpapatampok sa kilusang panlipunan. Sa kabila ng personal na pagpapasiya, naniniwala ang mananaliksik na naaangkop ang mga piniling tampok na tula at awit pagkat ang mga ito’y kumakatawan sa mga partikular na panahon na nilikha ng makata: Nasa pagitan ng panahong 1995 hanggang 2005 ang mga tekstong *Isang Minutong Katahimikan*, *Dahil*, *Magsasama*, *Magkasama*, at *Signos* (2003); samantala, mula naman sa mga panahong 2011 hanggang 2013 ang mga tekstong *Ang Rehas*, *Nakahiga sa*

Tarima, Kaharap ang Pader, Praktis, Mula Tarima Hanggang, Half Hip-Hop: Isang Di Tapos na Tangkang Mag-jailhouse Rap, at Hola, Daang Mendio, Hola! Kung kaya, mahihinuha rin sa mga gagamiting teksto ang tangkang pagsipat sa iniunlad ng panulat ng makata.

Isang makabayang musikero, Si Ericson Acosta ay naging editor ng Philippine Collegian noong dekada '90, ang opisyal na publikasyong pang-mag-aaral ng UP Diliman, at isa sa pangunahing tagapagtatag ng Alay Sining, samahang nagtataguyod ng sining para sa karaniwang tao at estudyante. Naging kasapi rin si Acosta ng Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights o STAND UP at naging miyembro ng UP Amnesty International. Gumampan rin siya bilang aktor sa mga produksyong panteatro sa UP. Kabilang na rito ang “Sa Sariling Bayan” ng UP Repertory Company na idinirehe ni Soxy Topacio, “Green Bird” na idinirehe ng noo’y Ogie Juliano at “Monumento” na isinulat at idinirehe niya mismo.

Nakapagtrabaho rin si Acosta sa ABS-CBN, isa sa kilalang media network sa bansa, bilang segment writer ng *Wanted TV Patrol* at assistant entertainment section editor ng *Manila Times*. Bilang makata at mang-aawit, nanatiling malaki ang ginampan ng mga awit at tula ni Acosta sa mga nagdaang henerasyon ng mga aktibista sa loob at labas ng unibersidad. Tumulong din siya sa pagbuhay ng Concerned Artists of the Philippines o CAP noong EDSA II at mahigpit na nakipamuhay sa sektor ng mga magsasaka.

Naging bilanggong pulitikal si Acosta noong unang mga taon ng administrasyong Benigno Simeon “Noy” Aquino III dulot ng gawa-gawang kaso. Habang nakakulong, nilikha niya ang koleksyon ng kanyang mga tula at tinipon ito bilang libro, ang *Mula Tarima Hanggang Mga Awit at Tula*. Makalipas ang dalawang taon, tuluyan siyang nakalaya. Nagkamit ang *Mula Tarima* ng National Book Award ng National Book Development Board o NBDB noong 2016 bilang pinakamahusay na libro ng panulaan sa Filipino.

Ang Panulaang Nakikisangkot sa Tagalog

Sa katunayan, malalim at malawak ang sinusundang makabayang tradisyong pampanitikan ni Acosta gamit ang panulaan sa pagtataguyod ng kalayaan ng Pilipinas, mula noon hanggang sa kasalukuyan (Ordenez, 1995, 2). Ang nasabing “pakikisangkot” ng mga manunulat, ang pangalawa sa pinakamataas na antas ng pakikipagkapwa ng mga Pilipino (Enriquez, 1992, 49). Nag-ugat ang nasabing pakikisangkot sa di-hayag na pamamaraan nito noong kalagitnaan ng ika-19 siglo sa panulat ng makatang Francisco Balagtas sa kanyang awit na *Florante at Laura* sa pamamagitan ng maayos na paglalangkap ng mga kubling mensahe ng mga panlipunang sakit at komentaryo sa

kalagayan ng bayan sa mga tagpo at simbolo sa mga saknong at taludtod ng awit (Lumbera, 1986, 34; Hosillos, 1988, 55; Reyes, 1988, 21; Tolentino, 2007, 132). Sinundan ito nina Jose Rizal, Marcelo H. Del Pilar at iba pang ilustrado na kumakatawan sa tinatawag na “Unang Kilusang Propaganda.” Bagaman may katangiang repormista ang kanilang mithiin, mas napatingkad nito ang hangaring anti-kolonyal sa pamamagitan ng paglalathala ng mga sulatin at pangulong-tudling sa mga pahayagan, pagtatalumpati sa harap ng publiko, kabilang na ang pagbabasa ng mga tula (Ordonez, 1995, 5). Umabot ang mga ito sa kamay at pandinig ng mga karaniwang tao ukol sa sadlak na kalagayan nilang mga ‘Filipino’ sa mga pananamantala’t pang-aaping sinapit mula sa mga kamay ng Kastila. Nagpamulat ito sa kalagayan nila at nagtulak sa pagkakatatag ng kilusang lihim na Katipunan na pinangunahan ni Andres Bonifacio, na isa ring makata’t anakpawis. Bukod sa pulitikal at sosyo-ekonomikong kondisyon ng ika-19 siglo, nakatulong ang libo-libong kopya ng *Kalayaan*, ang una’t huling pahayagan ng Katipunan, na may katangiang “anti-kolonyal at rebolusyonaryo” sa pagpapamulat at pagpapakilos ng tinatayang 30, 000 Pilipino sa gabi ng rebolusyon.

Sa pagdating ng panibagong mananakop, ang Kolonyal na Estados Unidos, magpapatuloy ang makabayang tradisyon. Kabilang sa henerasyon na ito ang mga “Balagtasistang” makatang sina Lope K. Santos, Benigno Ramos, Herminigildo Cruz, Jose Corazon De Jesus at iba pang makatang sumasalungat sa kolonyal na pamamalakad ng Estados Unidos sa bansa, kasabay ng sumisibol na noong kaisipang “Modernismo” sa paglikha ng tula (Almario, 1985, 11-15). Katangi-tangi ang makatang Jose Corazon De Jesus, kabilang sa unang tatlong dekada ng Kolonyalismong Amerika. Ngunit naging makitid ang representasyon kay De Jesus sa mga naunang pag-aaral sa kanya sa taguri bilang “Makata ng Pag-ibig” lamang samantalang sa mahigit na 450 nalathala niyang mga tula, awit at balagtasang, ay tumatalakay ito ng makabayan, militante, at sosyalistang pakikisangkot laban sa pananatili at pananakop ng Amerika sa Pilipinas (Atienza, 1995, 145). Sa larangan naman ng dula, pinangunahan ng “sedisyosong manunulat” na si Aurelio Tolentino ang kanyang mga “drama simbolikong” pagtatanghal (Torres-Yu, 2004, sinipi sa Chua 129).

Malaki ang ginampan ng kolonyal na sistemang edukasyon na itinaguyod ng Kolonyal na Amerika sa bansa pagkat lubhang pinahina at pinabagsak nito ang makabayang tradisyong pampanitikan sa pagbabago ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino sa unang tatlong dekada ng pananakop ng mga dayuhan. Lumikha ito ng kaayusang panlipunang nakasandig sa indibidwalistang pananaw-sa-daigdig, at sa kabilang banda’y nanguna sa pagpapalaganap ng sistemang nagkakamal ng tubo na sistematikong iniaatang sa mamamayan--- ang kapitalismo (Ordonez, 1995, sinipi sa Lumbera 7). Ngunit tulad ng baryang may dalawang mukha, ang panahon ding ito ang nagpasok ng mga “radikal” na mga ideya sa pag-unawa sa atrasadong kalagayan ng

kanayunan at nagsilang sa Partido Komunista ng Pilipinas (Ordonez, 1995, sinipi sa Teodoro 67).

Matapos ang Ikalawang Giyera Mundiya, sa panahon ng diskontento at paglobo ng presyo ng mga bilihan, matinding korupsiyon, at panawagang Pilipinisasyon sa gobyerno ng Pilipinas, panahon din ito kung saan babalikwas sa nakamihasnan nang tradisyon ng melodramatiko at lipos ng sentimentalidad na pagsusulat ang mga kuwentistang bumubuo sa antolohiya ng mga kwentong *Agos sa Disyerto*, mga “bagong dugo” ng manunulat na binubuo nina Edgardo Reyes, Rogelio Sicat, Efren Abueg, Dominador Mirasol at Rogelio Ordonez, na may “estilong pang-indibidwal” at may estilo ng panulat na “nakilala sa pesimistikong perspektiba— ang siguradong pagkatalo ng bida kahit pa ubod ito ng bait dahil sa primordial na kahinaan na tulad ng sa kahinaan ng iba pang tao at ng sangkatauhan” (Tolentino, 2007, 122).

Sa unang kuwarta ng dekada '70, karamihan sa mga kabataan at estudyante na mula sa loob at labas ng unibersidad ay mag-aambag ng kanilang mga tula at mga sanaysay sa tumitinding ligalig at krisis ng panlipunang kaayusan ng bansa. Ang implikasyon ng Proklamasyong 1081 ang higit na nagtulak sa mga kabataan upang makisangkot sa kanilang paligid (Ordonez, 1995, sinipi sa Quindoza-Santiago 282): “The poetry that followed Presidential declaration No. 1081 proclaiming the entire archipelago under Martial Law was understandably subtler, its protest inconspicuous. It would be a mistake though to regard it as more sober or to say that it had toned down with the poets becoming less angry and less contented in view of the new political dispensation. On the contrary, the despair and the rage, became even more vivid because the poet was challenge to create new forms and new techniques to express the realities of the period. Martial Law was precisely the challenge faced by poets from September 1972 and after. Realizing that the political situation forbade open confrontation with the powers that be, they had to discover for themselves the appropriate images, metaphors, symbols and language which would signify that their continuing role in creating a new culture in the ‘second propaganda movement.’” Mula rito, ang sosyo-pulitikal na kondisyon ng bansa ng dekada '70 ay lumikha ng radikal na pagbabago sa pangunguna ng kilusang masa sa pangkalahatan. Sa panulaan, aktibismo ang siyang umakay sa modernismo sa pagtula at naging katambal ng sukat at tugma sa pakikisangkot sa buhay at kalagayan ng karaniwang tao (Almario, 1985, 287): “Bilang paglalagom, ang pangingibabaw ng Modernismo ay lubos na naisakatuparan sa bungad ng dekada '70 dahil na rin sa aktibismo. Nabigyan ng pagkakakataon ng aktibismo ang mga pangunahing Modernista para itakwil ng dating limitado’t indibidwalistang panuntunang pansining at ilahok ang sarili’t panulat sa mga layuning makabansa at makalipunan. Sa ganito’y natalimuwang ang dating tunguhin nitong elista at pagsusulat nang halos walang-pagsasaalang-alang sa publiko. Natuloy ang saligang suliraning ipinangongontra noon sa kanila ng mga

Balagtasista. Ang totoo'y naagaw ng mga Modernista ang inisyatiba sa pagpapahayag ng makabuluhang diwain at nang sa gayo'y lalong nagtanghal sa umiiral na konserbatismo at lumang pananaw sa hanay ng mga buhay ng Balagtasista." Kasabay nito ang pagpapatuloy ng nasimulang makabayang tradisyong pampanitikan sa Pilipinas na ikinabit sa "Ikalawang Kilusang Propaganda" na sa pamamagitan ng likhang-sining at panulat ay nagpamulat at nagpakilos sa mga karaniwang tao o mga anakpawis. Hindi nakapagtata kang ang mga nilikhang akdang ito ay tinaguriang "Literatura ng Uring Anakpawis" (Ordenez, 1995, sinipi sa Ordenez 435).

Ngunit pagdating ng dekada '90, mananamlay nang bahagya ang mga makatang nakikisangkot na nag-uukol ng panlipunang pagbabago gamit ang kanilang panulat at ituturing na laos at pasô na ang nasabing prinsipyo't adbokasiya. Ganito ang pahayag ng kritikong Edel Garcellano (1997, 3) sa kalagayan ng pulitikal na posisyon at tindig ng kalakhang manunulat sa pagdating ng nasabing dekada: "In a general sense, today's generation of writers is leery of the Left, or any proofing of the Marxist aestheticizing of reality. What passes today for realism is but subtextualizing of the anti-socialist discourse, which consistently has been gaining ground among the orderly infantile whose main preoccupation these days — and I am referring to urban-based intelligentsia with access to media — is the translation of their text into a market commodity, priced at a level that allows the equating of its value with institutional grants/fellowships. To write to problematize the ideological contradictions, must play second fiddle to the imagined laudatio of the gallery of the canon that must be played at — and this sickness, because implicated in the real imagined market relations, the reification of such relations as pertaining to the so-called acts of literature, is fawning at the cabal of bureaucrat-compradors whose fascist tenets hold our signifying systems in thrall. It is true that during the early days of PAKSA, there was a ceremonious burning of books and plaques to formalize a rebellion against the ruling canon, and consequently, the reformulation of literary direction. But those days are over, the rebels of the 70s have become the receivers and givers of prizes of the 90s." Gayunman, may mga mananatili pa ring sumasalungat sa agos na ito sa kabila ng taginting ng kalansing at ringal ng prestihiyo. At tulad ng inaasahan, magpapatuloy at mananatiling buhay, mapagbago, at malikhain ang makabayang tradisyong pampanitikang ito hanggang sa kasalukuyan sa iba't ibang genre ng panitikan mula dula, maiikling kuwento, nobela, mga sanaysay at sa mga tula. Isa si Ericson Acosta at ang kanyang panulaang nakikisangkot ang magpapatuloy nito na may tunguhing maglingkod sa nakararami.

Mula Tarima, Tungo sa Masa

Sa antas at gamit ng wika makikilala ang pag-uugali ng isang tao. Sabihin pa, madaling makilala ang sinuman at masino ang kinakausap at nababasang manunulat batay sa pagpili ng ginagamit niyang mga salita, dulas ng mga ibinabatong linya (kung

diyalogo) o paghahanay-hanay ng mga paksain o argumento mula sa kanyang mga pangungusap, sa artistiko o kritikal man na anyo ng pakikipagkomunikasyon. Sa madaling sabi, sa husay ng pagkakawing-kawing at pagpili ng mga salita, nakabubuo ito ng mahusay na pagkakakilanlan sa isang tao, lalo na ng isang manunulat.

Bilang makatang kasapi ng mapagpalayang kilusan, malay si Acosta kung para kanino ang kanyang gagamiting panulat: para sa mga karaniwang tao. Maaring uriin ang mga tula sa *Mula Tarima* sa dalawang kategorya sa usaping pangwika: “wika ng pangkaraniwan” at “wikang pampanitikan.” Tumutukoy ang una sa mga salitang kolokyal/balbal at ibang wika sa Pilipinas. Samantala, ang pangalawa ay may teknikalidad sa pamamaraan at wikang ginagamit/aral sa akademya, sa usaping pang-estetika, tulad ng paggamit ng abstraktong konsepto, mga kumplikadong simbolo’t imahen, at iba pang katulad. Mabuting linawin na hindi ibig sabihin ng “karaniwan” ay payak sa pinakaubod nito. May mga salita ang mga karaniwang tao na ginagamit sa bangketa o sa kanayunan ng may “kasiningan” na wala sa “pampanitikan.” Sa kabilang banda, dahil sa “kasiningan” na taglay ng pampanitikan, nagreresulta ito ng malaking guwang sa pagitan ng artista-manunulat at mambabasa, naglalaho tuloy ang pinakaesensya nitong magpaabot ng mensahe sa mambabasa.

Wika ng Pangkaraniwan

Sa unang halimbawa, pansinin ang tulang “Nakahiga sa Tarima, Kaharap ng Pader” (Acosta, 2015, 41):

*Isang pares na ipis
Itong mga paa ko
na gumalu-galugad
sa pader na semento.*

Ginamit ng makata-persona ang kanyang “paa” na inihalintulad sa “isang pares ng ipis” upang isalarawan ang kalagayan nito sa kinapupwestuhang lugar batay sa tinutukoy ng pamagat ng tula: “Nakahiga sa Tarima” o higaan sa loob ng selda. Batay sa ganitong pagsasalarawan gamit ang mga simpleng salita at imahen, hindi na kinakailangan pang gumamit ng “malalalim,” “mabibigat” o “matatalinghagang” salita o pahayag. Ngunit sa kabilang banda, hindi ito nakabawas sa kabuuan ng tula, at katulad maging sa mga sumunod na taludtod, at sa halip, ang kasimplehan nito ang nagpatingkad upang maiparating nang agaran ang mensahe ng tula sa mabilis na pagkakataon. Tiyak at diretso ang gustong sabihin sa kalagayan nito sa loob ng selda: hindi panatag ang loob ng makata-persona kung kaya, tulad ng ipis, hindi ito komportable o aligaga sa kasalukuyang disposisyon batay sa iminumungkahi ng galaw ng mga paa. Sa ganitong taludtod winakasan ang tula (41):

*Napaihi ang higad
sa bote ng Anejo,
nilanggam ang balikat
ng modelo ng So-ho.*

*Napaipot ang tiki
Sa bigote ng santo,
Binangaw ang bunganga
ng trapong kandidato.*

*Isang pares na surot
Itong mga mata ko
na sumipsip sa dugo't
laman ng kalendaryo.*

Sa unang malas, tila walang ugnayan ang magkasunod na dalawang taludtod. Kung susundan ang naunang tinatalakay nito mula sa unang halimbawa sa itaas: ang samotsaring bagay na nasa loob ng selda: ang “bote ng Anejo” na brand name ng maanghang na sawsawan; larawan ng “So-ho” na Katumbas ng For Him Magazine o FHM sa Pilipinas; rebulto ng “santo;” larawan ng “trapong kandidato” at “kalendaryo.” Sa ganitong kalagayan, mapapansing makalat ang nasabing selda, ‘wag nang pag-usapan pa ang bilang ng mga bilanggong nasa loob ng selda. Pansinin din ang pagkakabaybay sa dalawang pangngalang salita na nasa pamagat: “Tarima” at “Pader” na kapwa nag-uumpisa sa dalawang malalaking letra. Posibleng ipinamamalay ng makata-persona na ganoon na lamang kalaki ang pader na pumapagitan mula sa loob tungong labas ng selda kung kaya ganoon na lamang din kalawak ang tarima at nagdulot na ito ng inip ng paghihintay na lumaya sa pagkakabilanggo, pagod sa pagkakabilanggo at buhay-bilanggo.

Sa usapin ng bawat linya o taludtod, ang mga taludtod mula 5 hanggang 8 ay tumutukoy sa pagmamalabis ng makata-persona bilang pansuporta sa mga bagay na nasa loob ng selda. Samantalang ang taludtod mula 9 tungong 10 ay tumutukoy sa panlipunang komentaryo sa simbahan. Ang mga taludtod 11 tungong 12 naman ay tumalakay din sa sa usapin ng nalalapit na eleksyon ng mga tatakbong pulitikong kandidato; at ang panghuling saknong naman ay gumagamit ng “surot” na sumisimbolo sa marahas na pag-alis o paglipat ng panahon. Maitatanong: alin sa mga sumusunod na mga taludtod mahahanap ang pagkakaugnay ng bawat saknong upang makabuo ng isang paksang-diwa? Ang mga ginamit na insekto bilang sentral na imahen sa tula upang isalarawan ang turing ng makata sa sarili ang magpapatunay kung paano itinuturing ang makata sa seldang kanyang kinasasadlakan: “ipis,” “higad,” “langgam,” at “surot”— mga bahagi ng kapaligiran o bumubuo ng kalikasan, na itinuturing na maliliit o “kumag” sa

paningin at turing. Nasa anyo rin ang tula ng pipituhing pantig kada taludtod bawat saknong na nabibilang sa sukat na gansal at kumakatawan sa isa sa mga katutubong panulaan, ang *tanaga* (Almario, 1991, 38). Nasa kolektibong alaala pa rin ng mga Pilipino ang nasabing katutubong pagtula kaya masasabi itong “popular sa iba’t ibang rehiyon ng bansa” na “direktang nakaugnay sa masang kanyang kinikilusan” kaya magaan basahin ang panulat ni Acosta. Samakatwid, “lalong napapalapit sa masa ang obra kung ang mismong porma ng panitikan ay bahagi ng kanilang tradisyunal na kultura” (Guillermo, 1987, 11; 1990, 15).

Ang halinhinang paggamit ng salitang Ingles at Filipino o code switching ang mapapansin sa sumunod na tulang pinamagatang “Hap Hif-Haf: Isa Pang Di Tapos na Tangkang Ma-jailhouse Rap” na maiuuri sa wika ng pangkaraniwan (Acosta, 2013, 72). Karaniwan pagkat nasa anyo ng kolokyal/balbal na pananalita at ang mismong paksang tinatalakay ng makata-persona ay ang naganap sa Pilipinas makalipas ng apatnapung taon at malinaw pa sa kolektibong alaala ng mamamayan.

Pabagets ang kanyang moda kung kaya di akalain

*Di magets ura-urada na sadya na ngang ubanin
At s’ya pala’y pinanganak you know some forty years ago
Halos sabay lumagapak sa bayan ko ang Martial Law
Ni Marcos, pero matapos ang diktadurang rehimen
Ang focus at hambalos ng systemic na krimen
Ng mapamuwersang aparato ng naghaharing estado
Nagpatuloy sa relyebo from the mom of Kris Aquino
Up to Ramos and Estrada at mula kay GMA [sa mananaliksi ang diin]*

Sa huling halimbawa ng tula, muli, gumagamit ito ng code switching sa ilalim ng wika ng pangkaraniwan. Pansinin kung paano pinagsanib ang wikang Ingles at Filipino upang makabuo ng isang mahusay at malinaw na mensahe sa mambabasa (117):

*Hola, Daang Mendio, Hola!
Agad kong pababawasan
buhok kong jeprox at grungy
kung ako’y maatasan
na sa rally ay mag-emcee.*

*Sana lamang ay tiyakin
na ang system ay loud and clear;
kung hindi’y ako na rin
ang s’yang magsa-sound engineer.*

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang “rally,” “emcee,” “system,” “loud and clear,” at “magsa-sound engineer,” tinutukoy ng makata-persona ang ginagawa sa isang tipikal na “rally” o iyong kilos-protesta sa lansangan. Sa mga nakakakilala kay Acosta, iisiping siya ang persona sa tula dahil sa pahaba nitong buhok (maaaring nga kayang sabihing siya’y “jeprox at grungy”?!) na palagian itong ipinupusod. Mahihinuha ring batay sa pagkakagamit ng salitang “jeprox and grungy” na tumutukoy sa ayos ng buhok ng makata- persona, namuhay ito noong panahon ng unang bahagi ng dekada ’70 at 80, mga panahong nauuso ang ganitong ayos at katawagan ng buhok. Ang ganitong pagkakagamit ng mga salita na palitan ng Ingles at Filipino (o “Taglish” na tumutukoy sa palasak na wika sa Kamaynilaan), ay kumakatawan sa wika ng karaniwang tao na pinag-aalayan ng panulat ni Acosta.

Ang ganitong kasimplehan o karaniwan (ngunit hindi sa haraya), kapinuhan at kagaanan ng pili at gamit ng mga salita ay mapapansin din sa tulang “Praktis” (111). Narito ang kabuuan ng tula:

*Pero ang talagang nais ko
Ay magpalakpakan kayo.
Ganyan po. ‘Yung malakas.
Ganyan nga, mas malakas.
Sige na, hiyawan.
Sige pa indakan.
Ganyan lang ba ang palakpak?
Wala bang halakhak?
E, sipol? Padyak?
Talon, talon!*

Sa unang saknong ng tula, pamilyar para sa sinuman ang tagpo na sinasaad ng tula: ang pagsasaya sa isang okasyon o marahil sa isang selebrasyon upang ipagdiwang ang isang napipintong kaganapan. Tila may nakikitang manonood-mambabasa ang makata-persona sa tula na “kinakausap” nito at tila may interaksyong nagaganap sa pamamagitan ng mga salitang-kilos na nagbibigay-buhay sa kinakausap. Magkakaroon ng hiwatig ang okasyong ito sa ikalawa’t ikatlong saknong:

*Salamat. Praktis ‘yan,
Tandaan n’yo,
Para sa araw ng paglaya ko
At ng lahat ng bilanggong makabayan.*

*Huwag lamang kalilimutang
Milyong ulit kumpara d’yan,*

*ang sigabo at rubdob,
 Ang kuwitis at pasabog
 Sa oras na malubos
 Ang pambansang kalayaan.
 Magwawagi tayo sa digma,
 Isa 'yang katiyakan.*

Ang okasyong ito'y dili't iba kundi ang "araw ng paglaya" sa bilangguan ng makata-persona at iba pang "bilanggong makabayan" na sinampahan ng gawa-gawang kaso batay sa kanilang pinaniniwalaang prinsipyo't ideolohiya at pagtatagumpay ng "pambansang kalayaan" na tinutukoy sa tula. Sa huli, muling babalik sa optimistikong tono ang makata-persona sa inaasam nitong maganap sa tula.

*Kaya't sige, isa na lang, subukan natin:
 Isiping dumating na ang tagumpay—
 Tara na't salubungin, mahigpit na yakapin!*

Batay sa mga naging halimbawang mga tula sa itaas, sinusundan nito ang naging estilo't pamamaraan noong dekada '70 at '80 na gumagamit ng mga salitang balbal/kolokyal at mga tono't himig na labis na kumakatawan at maiintindihan ng mga karaniwang tao (Ordonez, 1995, sinipi sa Quindoza-Santiago 282; Lacaba, 2002, 40).

Wikang Pampanitikan

Maihananay naman sa "wikang pampanitikan" ang susunod na tula dahil sa lantad nitong "kasiningan" sa maingat at wastong paghahanay ng mga salitang magkakatatunog at himig (Acosta, 2013, 31). Nagbibigay ito impresyon sa mambabasa ng linaw sa timbre lalo na't kung binibigkas nang dahan-dahan. Sa pamamagitan din ng pagbubuo ng isang sentral na imahen gamit ang mga salitang "puso," "yabag," "bisig," at "pintig" na pawang gumagambala sa katahimikan ng makata-persona ay waring unos na darating sa takdang panahon, hindi lamang senyal kundi may lakas at hagupit pagkat "rumaragasa" (101).

*Narinig ko sa bawat pusong nagluluksa
 ang yabag ng laksa,
 Nagbababala.
 Narinig ko sa bisig ng api't dalita
 Ang pintig ng digma,
 Rumaragasa.*

*Naririnig ko na ngayon pa lang
 Ang kay bigat na pagguho.
 Ang muhon at pader*

*Ng Palasyo't karsel,
Guguho, guguho, guguho!*

Samantala, sa sumunod na saknong, gamit ang mga salitang “muho at pader” at “palasyo at karsel,” tila dinadala tayo ng makata-persona sa malayong lupain at kaharian na tumutukoy sa pangyayaring naganap sa tula na nagsasalarawan ng “kay bigat ng pagguho.” Ngunit, kung isasakonteksto ito sa kasaysayan ng bansa, tinutukoy nito walang iba ang pagguho ng establisyemento ng naghaharing kaayusan sa pangunguna ng “api’t dalita.” Ang tunggalian sa pagitan ng dalawang nagtutunggaling puwersang ito dili’t iba kundi ang kumakatawan sa lipunang Pilipino? Pansinin din ang huling linya sa ika-11 taludtod, tatlong beses ginamit ang salitang “guguho” upang bigyang-diin hindi lamang ang lubusang pagkawasak ng institusyong kumakatawan sa mga gusali, kundi marahil imimumungkahi ng makata-persona na pagguho rin ito ng naghaharing kaayusan kung ba’t nananatili api ang mga “api” at dalita ang mga “dalita.”

Ang Pakikisangkot ng Sining

Sang-ayon sa makatang Ingles Samuel Taylor Coleridge, “Poetry: the best words in the best order.” Ang kakipilan (precision) ng mga salita at katumpakan (accuracy) nito, sa madaling sabi, ang kasiningan at ekonomikong paggamit ng mga salita sa tula, ang higit na nagpapakita ng kahusayan ng makata. Ngunit ang sabihing sa paglalaro lamang ng sukat at tugmaan ng mga salita makikita ang henyong taglay ng isang makata ay isang kalabisan at dagliang paglalahat (hasty generalization) at makitid na pagtingin sa esensya ng makata bilang “konsensya” ng kanyang bayan. Sa halip, masasalat sa lawak at lalim ng pag-unawa ng makata sa pamamagitan ng pagpapabatid at pagsasalarawan ng lipunang kinasasangkutan nito gamit ang talinghaga--- na sumusukat sa tumbasan at timbangan ng yaman ng haraya ng pagmamakata.

Sa koleksyon ng mga tula ni Acosta sa *Mula Tarima*, angat sa nasabing antolohiya ang katangi-tanging tulang pinamagatang “Rehas” (59). Pansinin, halimbawa, ang unang linya ng tula:

*Ang rehas
ay palay
sa parang.
Ang parang
ay lawak
ng puso.
Ang puso
ay bagwis
sa langit.
Ang langit,*

*salamín
ng dagat.
Ang dagat,
makapal
na kumot.
Ang kumot,
ay lumot
sa aga.
Ang aga,
ay kristal
na luha.
Ang luha
ay hamog
sa rehas.*

Sa unang diwa ng tula, tinutukoy ng makata-persona ang “rehas” bilang “palay” “sa parang.” Sa literal na pakahulugan, mapapansing mahirap isipin na ang palay sa parang o bukid na bumubuhay sa mga pangunahing kasangkot sa relasyon sa produksyon nito, ang mga magsasaka, ang siyang lumilikha ng “rehas” sa kanilang buhay. Ngunit sa kabilang banda, maaari ring isipin at unawain sa piguratibong pagpapakahulugan, na ang mga bungang palay na ito sa parang ang nagtatali o nagkukulong sa mga magsasaka, batay sa kanilang kinabibilangang uri, na animo’y bilanguan ang malawak na parang na ito. Sa sumunod na taludtod, ginamit ang huling salitang “parang” upang gamitin naman sa umpisa ng sumunod na taludtod ng tula :“Ang parang.” Tiinutukoy naman dito ang “parang” bilang “lawak/ng puso” na sumisimbolo sa pag-ibig o wagas na pagmamahal. Itinutumbas ang lawak o hangganan ng “parang” o bukid sa “puso.” Sa kabila ng labis na pagkakaiba ng dalawa, kayang saklawin ang una nitong huli kung tutumbasan ng wagas na pagmamahal. Sa ganitong pagtutulad at pagtatambis, maaaring isipin ang nais iparating ng makata-persona sa tinutukoy nitong paksa (“parang”): una, ito ang nagkukulong o nagbibigay-rehas sa mga kasangkot nito sa produksyon at pangalawa, sa kabila ng nililikha nitong rehas, ay di magawang iwan dahil sa “pagkakakulong” dito na nagbibigay-buhay at makakain sa pamilya at nakararami.

Sa estilong ginamit ng makata-persona, mapapansin ang paggamit nito ng huling salita sa taludtod bilang unahang paksa sa sumunod na taludtod (hal., nag-umpisa sa linyang “Ang rehas/ay palay/sa parang.” na sinundan ng linyang “Ang parang/ay lawak/ng puso.”). Sa pamamagitan ng bantas na tuldok, nagsilbing hudyat ito upang matukoy ang pag-uumpisa ng panibagong siklo ng pag-uulit ng salita mula hulihan tungong unahan, gaya na tinutukoy ng halimbawa. Makikita ang ganitong istilo mula una hanggang ikaapat na kanto o pagkakahati.

Sa halip na tuluyang daloy ng mga taludtod tulad ng tipikal na tula sa anyo ng malayang taludturan o vers libre, kapansin-pansin ang anyo nito na nahahati sa limang kanto o pagkakahati. Ngunit, ang pagkakahating ito ay nasa mismong iisang pahina lamang, dahilan ang tula'y bumubuo ng mistulang anyo ng mga rehas.

Sa unang kanto, nagtapos ito sa salitang “parang” at nag-umpisa rin dito sa sinundang taludtod; na winakasan at sinundan din ng pag-uumpisa sa salitang “puso.” Magpapatuloy ang ganitong siklo ng estilo ng pagwawakas at pag-uumpisa sa mga sumusunod na mga salita: “langit,” “dagat,” “kumot,” “aga,” “luha.” Ang ganitong siklo ng pag-uulit ng mga salita ay makikita rin sa apat na kanto. Bukod doon, isa ring matingkad na pag-uulit na nilikha ng makata-persona, mula sa apat na kanto, ang pag-uumpisa at pagwawakas ng mga kanto sa salitang “rehas” at sa panghuling kanto sa pagkakagamit nito sa panimulang mga taludtod:

Unang kanto ng tulang “Rehas”	Ikalawang kanto ng tulang “Rehas”	Ikatlong kanto ng tulang “Rehas”	Ikaapat na kanto ng tulang “Rehas”	Ikalimang kanto ng tulang “Rehas”
<i>“Ang luha ay hamog sa rehas.”</i>	<i>“Ang dugo ay anggi sa rehas.”</i>	<i>“Pangarap ay kulog sa rehas.”</i>	<i>“Pangako ay kidlat sa rehas.”</i>	<i>“Ang rehas ay tala ng unos.”</i>

Maitatanong kung gayon, hindi kaya di-tuwirang ipinababatid ng makata-persona na ang lahat ng bagay na umiinog at umiiral sa mundo ay binubuo ng rehas? Hindi na lamang basta nilikha ng makata ang ganitong anyo ng tula nang walang dahilan. Malay ang makata sa ganitong eksperimentasyon ng anyo bilang daluyan ng pagbibigay-ng-mensahe sa kanyang mambabasa. Dagdag pa, ipinababatid ng makata-persona na hindi niyutral ang anyo bilang daluyan ng pagbibigay-kahulugan dahil sa partikular na historikal na panahong kinairalan na naghahatid ng mga konsepto, halagahan at pangangailangan ng partikular na panahon at lugar (Guillermo, 1987, 45). Samakatwid, ang anyo, ng anumang uri ng sining o panitikan, sa pangkalahatan, ay “tagapagbitbit ng ideolohiya.”

Ngunit tulad din ng kaantasan ng paggamit ng “rehas” mula una hanggang panglimang kanto, papasidhi ito at katatagpuan ng “luha” at “dugo” dulot ng pagkakakulong ng mga itinuturing na mga “kaaway ng estado,” hanggang ang mismong rehas ay kumatawan sa mga naunsiyami at ipinagpapatuloy na “pangarap” at “pangako” bilang adbokasiyang isinasabuhay; at panghuli, ang mga inaasam-asam na ito’y sa loob ng rehas ay magsisilbing “tala ng unos.” senyal ng papalapit, lumalakas at lumalawak, na

sama ng panahon. Ang mga tala ng mga unos na tinutukoy ng makata-persona ay ang humigit-kumulang na mga pangalan ng mga bilanggong pulitikal sa panahong naisulat ang tula.

Sa tula namang “Signos,” ipinamalay ni Acosta ang kanyang likot ng isip sa masining na paraan (164). Pansinin ang pakikipag-usap ng makata-persona sa mga sa isa sa tauhang nagngangalang “Ginoong Lobregat” sa unang kanto ng tula:

*I.
Ginoong Lobregat:
Bago ang lahat,
huli na ang lahat.
Hindi ba’t paos na sa kakababala
Ang gimbal na kawan ng kuliglig?
Tunghayan, naghahabulan ang hangin
at ang kakambal na halumigmig.
Hindi habagat, hindi amihan,
kung saan nagmumula’y di mahulaan.
Kaya’t walang makilingan ang palay-----
tuod, tingala, at nangangalay.*

Tila binibigyang-babala ng persona ang kinakausap nito na maihahanay sa kilalang pulitiko o nagmamay-ari ng ekta-ektaryang lupain sa kanayunan. Sa pamamagitan ng “kawan ng kuliglig,” tila ubos na ang pasensya nito at may pagbabanta gamit ang hagupit ng kalikasan. Maging ang “palay” sa ika-10 taludtod, nagsatao upang ipakita at iparamdam ang kawalang-pag-asa ng tagpong iyon. Masisipi ang ganitong tagpo sa Bibliya nang may tatlong araw na pag-ulan ng mga peste at kulisap sa Ehipto matapos nitong palayasin ang mga taga-Jerusalem. Tila sa pagitan ng ganitong pag-uusap ng persona at nagngangalang “Lobregat” ay magaganap na ang Araw ng Paghuhukom. Hindi kaya ang tinutukoy na tagpong ito ng “Araw ng Paghuhukom” ay pagsingil sa mga pananamantala’t pang-aaping dinanas ng persona at mga kasama niya na may kaugnayan sa “palay”?

Nasa ganitong tono at himig din ang paraan ng “pakikipag-usap” ng persona sa nagngangalang “Ginang Wenceslao” sa ikalawang kanto:

*II.
Ginang Wenceslao:
Magandang araw,
kung magpakita pa ang araw.*

*Anupa't tanghaling tapat
at daig ng luksang gayak ng ulap
ang tuldok na lukso ng uwak-----
itim kung itim, bulag kung bulag.*

Ginamit naman ang “luksang gayak ng ulap” at “tuldok na lukso ng uwak” upang tila sinematikong isalarawan ang nagbabadyang sama ng panahon. Sa huling bahagi ng tula, isinasaad nito ang magaganap na sigwa sa nalalapit na panahon (165).

*Totoo, wala pang ngala't pamagat
at di pa lubos na unos ang unos
subalit hayun lang sa labas ang dagat-----
dinggin n'yo at kristal na ang tunog
ng walang-hubog na kawalang-habag;*

Mapagkukuro, mula sa estilong ito ng pagtula, ang siyang kumakatawan din mismo sa pampulitikang katangian ng tula: ang usaping pang-estetika ay usaping pulitikal. At ito ang pangkalahatan tema ng mga tula ni Acosta sa *Mula Tarima*.

Ang Sining ng Pakikisangkot

Gumuhit ng marka sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas, partikular sa panulaang Pilipino, ang sagutan ng dalawang kritikong sina Virgilio S. Almario (1984) sa kanyang librong *Balagtasismo vs Modernismo* at Gelacio Guillermo (2003) sa artikulo niyang *Nilupak Vs Espasol* ukol sa usaping pang-estetika at pampulitika ng panulaang nakikisangkot. Bagaman dekada '80 pa naisulat ang mga kritikang ibinabato ni Almario ukol sa panulaang nakikisangkot na may “linyadong kahon” o “estilong de-kahon” (Almario, 1985, 313) at “mekanikal at de-kahong pagbalangkas” (323), ang mga tulang pinuna sa antolohiyang *Mga Tula sa Rebolusyong Pilipino* bilang kumakatawan sa panulaang nakikisangkot, sa pangkalahatan, ay umaalingawngaw pa rin ang mga katagang ito hanggang sa kasalukuyang kritika sa nasabing panulaan.

Wala nga bang nagbago sa panulaang nakikisangkot sa kasalukuyan? Batay sa preliminaryong mga resulta na tinalakay sa itaas, bagaman tila aninong nakasunod sa yapak ng kasiglahan ng aktibismo sa panulaan noong dekada '70 at '80, mamamalas sa mga tula ni Acosta ang panibagong “dugo” ng makabayang makata at sariwang simoy ng makabayang tradisyong pampanitikan ng kanyang henerasyon. Ang malaon nang puna sa pulitikal na tula na laging may “nakataas na kamao” at/o “bandilang pula” ay karanasang pinaghalawang hindi pwedeng basta na lamang bitawan bilang pagpapabatid ng tatak ng militansya ng nasabing panahon. Gayunpaman, buong-pusong nagpupugay ang panulaan ni Acosta sa sinundang henerasyon ng makabayang tradisyon habang nag-aambag ng sariwa't mapagbagong pamamaraan at nilalaman sa ikasusulong ng adhikaing makabayan ng panulaang nakikisangkot.

Ang kanyang mga kakontemporaryong sina Axel Pinpin, Roberto Umil at mga makatang kasapi ng Kilometer 64 o KM64 ay ilan lamang sa mga makatang naghahain ng makabagong pamamaraan sa tula ngunit hindi nakaliligtaan sangkapan ng miltansya at diwang makabayang marka ng dekada '70 na anumang oras ay handa nilang kalabitin tulad ng gatilyo.

Sa pagpapatuloy ng diskusyon, pansinin ang tulang pinamagatang “Mula Tarima Hanggang” na tumatalakay sa buhay ng bilanggong pulitikal at prinsipyong tangan-tangan nito (119). Basahin ang kabuuan ng tula:

*Mula tarima hanggang sa ipising kasilyas
Isang di iniisip na hakbang ng tsinelas.*

*Mula tarima hanggang d'yan sa rehas na bakal
Isang buga ng usok at dukwang na mabagal.*

*Mula tarima hanggang dalawin na ng himbing
Isang buong magdamag, buong linggo pa mandin.*

*Mula tarima hanggang sa magising sa kumot
Ang kahol ng aso at igkas sa bangungot.*

*Mula tarima hanggang sa bungad ng aplaya
Isang ihip ng hanging angkas ng alaala.*

*Mula tarima hanggang sa gitna ng pilapil
Isang bugsong pag-asa na sadyang di mapigil.*

*Mula tarima hanggang sa pasyang magpatatag
Isang hingang malalim sa dibdib na kalasag.*

*Mula tarima hanggang talikdan ko ang bayan
Isang bagay nga lamang, at ito'y kamatayan.*

Nasa anyong kopla (couplet) ang buong tula na binubuo ng pares na sukat na nasa lalabing-apat na maliban sa ika-6 na taludtod na lumagpas ng isa. Ngunit, sa pangkalahatan, nasa lalabing-apat ito at nasa tugmang isahan (aa). Sa unang kopla, mapapansin ang inductibong lapit na mula sa tiyak na lunan tungong papalabas ng tarima sa pangkalahatan: nag-umpisa ito sa “kasilyas,” lumabas ng “rehas ng bakal,” hanggang sa dalawin ng antok at “himbing” o kawalang-malay, at “magising sa kumot,” at hanggang marating ang “aplaya” at tumulay sa “gitna ng pilapil.” Sa punto namang ito, usaping

“internal” na ang nilulutas ng persona mula sa katagang “pasyang magpatatag” at magkaroon “sa dibdib na kalasag.” Sa huli, kung may dahilan man ng pakakapurnada ng prinsipyo ng makata-persona, ito’y walang iba kundi ang “kamatayan.” Ang ganitong pamamaraan ng makata-persona sa pagsasalarawan ng pang-araw-araw niyang buhay sa loob ng bilangguan, ang lalong nagpapatibay sa prinsipyo at panata niyang ipagpatuloy, kundi man araw-araw na patatagin ang loob sa kabila ng pagkakadakup at gawa-gawang kasong ibinibintang sa kanya. Mula rito, masasabing nagbago ang anyo ng panulaang nakikisangkot sa kritika nitong “de-kahong balangkas” at “didaktikong balangkas.” Maaari ring basahin na hindi ito hiwalay sa karanasan ng daan-daang binilanggo ng namamayaning sistema’t kaayusan dahil sa bitbit-bitbit na “radikal na kaisipan” ng mga tumutunggali sa establisyimento. Hindi na lamang usaping personal ang tula, kundi maaaring basahin ito bilang kolektibong tinig ng mga pinipi, mga marhinalisado at inalisan ng tinig. Hindi na ito ang makata-persona, kasaysayan na ng kilusan ang nagsasalaysay ng naratibo nito na nais ipaabot sa mambabasa.

Para sa mga makata ng mapagpalayang kilusan, higit sa pagiging makata ang silbi nito sa oras na pumaloob ang sinuman sa kilusan. At bilang manunulat, ganito isinatitik ni Acosta sa awiting “Dahil” ang kanyang adbokasiya bilang manggagawang pangkultura (130):

*Dahil kapos ang tula
Hitik man sa tugma
Lagyan pa ng himig
Di pa rin marinig
Ang awit ng pag-ibig.*

*kaya nga’t buhay mismo ang alay
Di lang luha, sigaw, tula at awit.
Kaya nga’t alay mismo ang buhay
Ngayo’y di na kaila sa akin kung bakit.*

Hindi na lamang mga titik at panulat ang iniaalay ng mga makata at manggagawang pangkultura, maging ang kilusan, sa pangkalahatan, sa oras na pumaloob ang sinuman sa kilusang mapagpalaya. Oras, talino at puhunang pawis at dugo --- pagkat “buhay ang mismo ang (inia)alay” kung kinakailangan. Samakatwid, “mas matimbang ang pagiging rebolusyonaryo, higit sa lahat, kaysa pagiging makata kung nakapaloob (...) at hindi maaaring ihiwalay ang pagsulat ng tula sa linyang pampulitika ng kinabibilangang organisasyon” (Guillermo, 2003).

Hindi natatapos ang pagsusulat sa pagsusulat. Ang pagsasapraktika ng mga pinaniniwalaan at prinsipyo ang pinakaubod nito. Ito ang bitbit ni Acosta, bukod sa dalang laptop, nang lumabas siya sa apat na sulok ng papel at bolpen at sinuyod ang malawak,

masukal at maliblib na bayan ng San Jorge, probinsya ng Samar upang makipamuhay sa mga taga-nayon at idokumento ang mga paglabag sa karapatang-pantao mula nang magkaroon ng militarisasyon sa bayang ito habang at pagkatapos ng panunungkulan ni Palparan bilang heneral sa rehiyon sa ilalim ng administrasyong Arroyo (Free Ericson Acosta “Who Is Ericson Acosta?”). Ngunit sa kabila ng “kabutihang-loob” ni Acosta, pinaratangang terorista at miyembro ng New People’s Army o NPA ng nakadestino noong 34th Infantry Battalion o 34th IB ng Armed Forces of the Philippines o AFP at dinakip sa kabila ng kawalan ng warrant of arrest at tinaguriang “top personality of the Communist Party.”

Ilang araw matapos mapabalita ang pagdakip ng mga ahente ng estado kay Acosta noong 13 Pebrero 2011, agarang naglunsad ng “Free Ericson Acosta Campaign” sa pangunguna ng Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Bienvenido Lumbera upang ipanawagan ang agarang pagpapalaya kay Acosta (“FREE ERICSON ACOSTA! Support Statement”). Kasabay ng panawagang ito ang pagpapalaya rin sa daan-daang bilang ng bilanggong pulitikal sa bansa na idinadahilang “hindi umiiral” di umano noong kasagsagan ng administrasyong Noynoy Aquino. Kaisa sa kampanyang ito ang ilan sa malalaking pangalan sa industriya ng sinig, teatro, malikhaing pagsulat, at pelikula. Kabilang sa mga personalidad na ito ang beteranong aktor na si Fernando “Nanding” Josef, Rody Vera, Pen Medina, at Bonifacio Ilagan; ang mga dating dekanong sina Roland Tolentino ng UP College of Mass Communications; Neil Doloricon ng UP College of Fine Arts, Dr. Alice Guillermo ng UP College of Arts and Letters. Kasama rin ang mga kritiko’t makatang sina Dr. Gemino Abad, Gelacio Guillermo, Prof. J. Neil Garcia, Jun Cruz Reyes, Charlson Ong, Romulo Baquiran Jr., Cristina Pantoja-Hidalgo (“50th UP National Writer’s Workshop”), at makata-musikerong Jesus Manuel Santiago. Nag-abot din ng pakiisa ang samahang Neo-Angono Artists’ Collective at dating bilanggong pulitikal Axel Pinpin at mga filmmaker na sina Sigfried Barros Sanchez, Kiri Dalena, Carlitos Siguion-Reyna at Bibeth Orteza (“Kin, Writers and Artists Launch Campaign for Release of Detained Poet Ericson Acosta”).

Sa isang testimonyang mula sa direktor at manunulat na si Rody Vera, 1984 pa unang nakasama niya ang grade schooler pa noong si Acosta sa isang klasikong pagtatanghal na “Macbeth” ni Shakespeare ng Philippine Educational Theater Association o PETA na may kubling mensaheng tumututol sa diktadurang Marcos. Isang ironiya, ani Vera, na sa tulad din ng sinapit ni Acosta nang sampahan ng gawa-gawang kaso ay hindi nalalayo sa panahon ng kasalukuyan na ginagamit ang makinarya ng estado upang dahasin at supilin ang sinumang tumututol sa kaayusang itinatakda nito (“Kin, Writers, and Artists”): “I’m not sure if Ericson was then aware that he was part of a production that was against the Marcos dictatorship. Ericson was part of a play that exposed Marcos’ selfish greed for power. Now, it’s most saddening to think that that the

same machinery of torture, violence and repression that continues to operate against cultural workers like Ericson and the rest of the Filipino people, even if there is no dictator at the helm of government. Now they are wielding violence in the name of democracy. What is even more infuriating is how the violations being committed against Ericson can very well be perpetrated against any and all of us. The restriction of Ericson's freedom is an attack against our own respective, individual freedoms," he said."

Sa mga lubos na nakakikilala kay Acosta, malayo sa "terorista" na turing ng AFP ang tingin sa kanya ng kanyang mga magulang. Sang-yon sa ama ni Acosta, "He has never been anything but a good son, an intelligent student, and a loving parent to his own son Emmanuel." Sa isang artikulong nalathala sa Philippine Collegian noong kasagsagan din ng pagkakakulong ni Ericson noong 2011, na isinulat ni Kerima Lorena Tariman-Acosta, asawa ni Ericson, binago ng kilusan si Acosta at sarili nito mismo, upang higit na makagampan ng gawain sa paglilingkod sa mga marhinalisado at inalisang tinig. Si Kerima at Ericson ay kapwa makatang naging bilanggong pulitikal sa magkaibang panahon. Ang una, sa panahon ng administrasyong Ramos, samantala itong huli ay sa kasagsagan ng administrasyong Noynoy Aquino ("Who is Ericson?"): "Ericson gave up his crazy drinking habit for the natural high of activism. He became a prolific poet, songwriter and cultural worker. Years under the obscenely corrupt Arroyo regime led us to choose to return to the countryside to live and learn with the people." Ani Kerima, bilang tatay, madalas inaaliw ni Acosta ang kanilang anak at kinukuwentuhan na pumupunta lamang ang kanyang mga magulang sa malayong-malayong lugar ng "Planetang Gordox" sa mga pagkakataong hinahanap sila ng kaisa-isang anak at upang palubagin ang loob nito ("Whos is Ericson?"): "To our son, Ericson is tatay, the funnyman shipcaptain of the AcostaUniverse inter-galactic band. In robo-character, tatay tells him he is actually a Gordoxian child; we his parents need to navigate to and fro the distant Planet Gordox and that's the reason why we can't always be with him here on Earth. This sci-fi antic amuses him, but it still sounds stupid even to kids. So he tells us he knows that we just need to ride a bus and walk several kilometers uphill to be transported to another world."

Sa mga pagbabagong nagaganap sa buhay ng tao, malaki ang ginagampanan nito upang baguhin, kundi man ay paunlarin, ang pinaninindigan nitong prinsipyo at adbokasiya. Sa mga pagbabagong ito, maaari nitong pahinain o palakasin ang mga pinaniniwalaan ninuman. Sa librong *Mula Tarima*, nahahati ang antolohiya sa apat na bahagi: ang *Pitong Sundang* (2010) na binubuo ng 7 tula; sa *Mula Tarima Hanggang* (2011-2013) na binubuo ng 60 tula; sa *Pambihira* (1995-2005) na binubuo naman ng 20 tula; samantalang sa *Paglapat sa Lupa* (na nasa mga taong 1994, 1995, 1999, 2002, 2003 at 2005) na binubuo ng 10 tula; at *Cubao* (na nasa mga taong 1999, 2000 at 2013) na may 3 tula. Batay sa kantitabong datos na naitala, ang mga pinagsama-samang koleksyon mula sa *Pitong Sundang*, *Pambihira*, *Paglapat sa Lupa* at *Cubao* na may

kabuuang bilang ng 40 tula mula 1994 hanggang 2010 (maliban sa isang tula na naisulat noong 2013 na may pamagat na “Sabaw sa Cubao, Bow”) ay naungusan sa panahon ng pagkakabilanggo ni Acosta sa koleksiyong *Mula Tarima Hanggang* na may 60 tula sa usapin ng produksiyong pampanitikan. Samakatwid, lumalabas na ang pagkakakulong ni Acosta nang halos dalawang taon (mula Pebrero 2011 hanggang Enero 2013) ay lumikha ng 50 porsiyentong higit kaysa nang mga panahon sa pagitan ng 1994 hanggang 2010 (isang dekada at anim na taon o halos dalawang dekada). Inililinaw ng mananaliksik na hindi nito hinahangad ang tuluyang pagkakakulong ni Acosta para lamang lalong “yumabong” ang kanyang panulaan bilang bilanggong pulitikal. Sa halip, nais ipakita ng pag-aaral na patunay lamang ito kung gaano katapat si Acosta sa prinsipyong kanyang pinanghahawakan na sa kabila ng pagkakakulong at paglabag sa kanyang karapatang pantao, nanatiling matatag at buo ang loob na igpawan ang kinakaharap na kontradiksyon.

Sa usaping kalitatibo naman, kakikitaan ng kasimplehan o karaniwan (ngunit hindi sa haraya), kapinuhan at kagaanan ng pagpili at paggamit ng mga salita, tulad ng nabanggit sa itaas, ang koleksyon ng *Mula sa Tarima* kaysa sa pinagsama-samang koleksyon mula sa *Pitong Sundang*, *Pambihira*, *Paglapat sa Lupa* at *Cubao* na kakikitaan ng wikang pampanitikan at aral sa mga pamamaraan, estilo at teorya na “aral” sa akademya, gaya ng nabanggit na sa itaas. Positibo ang ganitong resulta, sa tingin ng mananaliksik, pagkat muling “tumutuntong sa lupa” ang sensibilidad, paksain, at wika ng makata sa pinag-aalayan nito ng mga tula: ang mga karaniwang tao. Samakatwid, ang pagkakakulong na nangyari sa buhay at panulat ni Acosta—ang espasyo ng bilangguan na masikip, maalinsangan at simbolo ng represyon at pasismo ng estado ay nagsilbing malawak na espasyo ng oportunidad upang muli’t muling pagsasabuhay ng batayang prinsipyo ng kaniyang pinaniniwalaang adbokasiya, pagsapol sa malawak at makabuluhang danas ng pagkakakulong tulad ng iba pang bilanggong pulitikal at simbolo ng pakikihamok laban sa mga represibong aparato ng estado.

Sa pagpaloob sa kilusang mapaglaya, maraming sakripisyo ang inilalaan ng sinuman, at maging “buhay man ay ialay sa bayan,” kung kinakailangan. Sa awiting “Magsasama, magkasama,” binibigyang-lagom nito ang layunin at tunguhin ng kilusang masa para sa pagatataguyod ng tunay at makatarungang pagbabago para sa lahat (Acosta, 2013, 134).

Animo’y bundok itong ating ibubuwal.

Anino’t tanglaw sabay nating iluluwal.

Tatawirin hagdan ng bahaghari.

Tutuwirin hanggang wala nang uri.

Sasama ako. Kasama ako.

*Magsasama, magkasama sa malaon at madali.
Yayakapin ang aral ng pakikitunggali.
Yayakagin ang lahat na huwag mag-atubili.
Magsasama, magkasama sana hanggang huli.*

*Suyuin ang musa ng kasaysayan.
Suungin ang dusa nang kasabayan.
Maghahayag tula't mga talata.
Maglalayag pulang mga panata.*

Sasama ako. Kasama ako.

Kongklusyon

Bilang makata ng mapagpalayang kilusan, ginamit ni Ericson Acosta ang halos isang buong buhay at patuloy niyang paglilingkod sa bayan sa pagpapaloob sa kilusang mapagpalaya. Bilang makata at manggagawang pangkultura, marami sa kanyang tula at awit ang nagsusulong ng pagbabago. Ang pagkakalathala ng *Mula Tarima Hanggang Mga Tula at Awit* ay matingkad na patunay ng pagkakasalikop ng panitikan sa kanyang lipunan na nagsisiwalat at naglalantad ng kabulukan ng pulitikal na kaayusan ng bansa mula noon hanggang sa kasalukuyan, lampas pa noong panahon ng pagkakulong niya noong unang taon ng administrasyong Noynoy Aquino noong 2011. Sa mga tulang kabilang sa antolohiya, masusubaybayan ang iniunlad ng makata sa usapin ng wika, pamantayang pansining at pagsasakatuparan ng mga adhikain at prinsipyo sa kanyang mga tulang nakikisangkot sa mga nagaganap sa paligid at buhay ng karaniwang mamamayan. Ang mga tulang nalathala sa panahon ng kanyang pagkakakulong mula 2011 hanggang 2013, na may kabuuan ng 60 tula ay kakikitaan ng kasimplehan o karaniwan, kapinuhan at kagaanan ng pagpili at paggamit ng mga salita, lampas sa pinagsama-samang koleksyon niyang mula sa taong 1994 hanggang 2010 na may kabuuan ng 40 tula na kakikitaan naman ng wikang pampanitikan at aral sa mga pamamaraan, estilo at teorya na “aral” sa akademya. Ito ang diyalektika ng pagkakabilanggo ni Acosta: sa kabila ng pagsasampa ng gawa-gawang kaso at pagpapakulong ng estado, at tiyaking pahinain ang kanyang paglilingkod sa nakararami, sa kabilang banda’y nag-ambag ang karanasang ito sa mayaman at makabuluhang danas ni Acosta upang mapayaman ang koleksyon ng *Mula Tarima* na mahigit 50 porsyentong higit kaysa sa mga naunang koleksyon ng makata. At bilang makata ng mapagplayang kilusan, katangi-katangi ang ambag ni Acosta para muling buhayin, kundi man patatagin pa, bukod sa pagpapatuloy at pagpapaunlad ng makabayang tradisyong

pampanitikan ng panulaang nakikisangkot sa bansa sa kasalukuyan—na mayamang mapaghahalawan ng karanasan ng mga makata ng mapagpalayang kilusan, na sa kabila ng pandarahas ng estado, ay nanatiling tunay na matatag, may palabang paninindigan at makabayang adhikaing maglingkod sa nakararami— ay pagpapatambol sa pagpapalaya sa daan-daang bilanggong pulitikal sa bansa.

SANGGUNIAN:

Acosta, Ericson. 2015. *Mula Tarima Hanggang At Iba Pang Mga Tula at Awit*. University of the Philippines Press, Lungsod Quezon.

Almario, Virgilio S. 1985. *Balagtasismo Vs Modernismo Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*. Ateneo De Manila University Press, Lungsod Quezon.

_____. 1991. *Taludtod at Talinghaga Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula*. Ateneo De Manila University Press, Lungsod Quezon.

Chua, Apolonio Bayani. 2009. *Simulain Dulambayan ng Manggagawa sa Konteksto ng Militanteng Kilusang Unyonismo (1980-1994)*. University of the Philippines, Lungsod Quezon.

_____. 2004. "Pagpupugay sa ikasandaang taon ng "Kahapon, Ngayon, Bukas" ni Aurelio Tolentino: Talinghaga at Kasaysayan sa Dulambayan." *Daluyan* tomo XII (2). UP Surian ng Wikang Filipino, Lungsod Quezon.

Enriquez, Virgilio. 1992. *From Colonial to Liberation Theology A Filipino Experience*. University of the Philippines Press, Lungsod Quezon.

Guillermo, Alice. 2013. "Mao Zedong's Revolutionary Aesthetics and Its Influence on the Philippine Struggle." *Rev ASg: Selected Articles on Cultural Revolution in the Philippines*. <https://alaysining.wordpress.com/siningskwela>

Guillermo, Gelacio. 1990. *Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya/The Literature of National Democracy*. Kalikasan Press, Lungsod Quezon.

_____. 2003. "Espasol Vs. Nilupak." *Modern Panulaan*. <https://www.bulatlat.com/news/3-21/3-21-modernpanulaan.html>.

_____. 1988. *The New Mass Art and Literature and Other Related Essays (1974-1987)*. Kalikasan Press, Lungsod Quezon.

Garcellano, Edel. 1997. *Interventions*. Polytechnic University of the Philippines Press, Lungsod ng Maynila.

Hosillos, Lucila. 1988. *Originality as Vengeance*. New Day Publishers, Lungsod Quezon.

Lumbera, Bienvenido. 1986. *Tagalog Poetry 1570-1898 Tradition and Influences in Its Development*. Ateneo De Manila University Press, Lungsod Quezon.

Mao, Zedong. 1942. "Mga Talumpati sa Palitang Kuro sa Yen-an Hinggil sa Panitikan at Sining." *Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan Mga Dokumentong 1971 ng PAKSA at NPAA*. 1992. Kalikasan Press, Lungsod Quezon.

Ordoñez, Elmer (ed.). 1995. *Nationalist Literature A Centennial Forum*. University of the Philippines Press, Lungsod Quezon.

Quindoza-Santiago, Lilia, et. al. (ed.). 1987. *Kamao: Tula ng Protesta 1970-1986*. Cultural Center of the Philippines, Lungsod ng Maynila.

Regala, Trinidad O. at Virgilio S. Almario (trans. & ed.). 1996. *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts, Lungsod Quezon.

Reyes, Soledad (ed.). 1989. *200 Taon ni Balagtas Mga Bagong Pagtanaw at Pagsusuri*. Balagtas Bicentennial Commission, Lungsod Quezon.

Silverio, Ina Alleco R. 2011. "Kin, Writers and Artists Launch Campaign for Release of Detained Poet Ericson Acosta." http://freeacosta.blogspot.com/2011/04/kin-writers-and-artists-launch-campaign_26.html?m=1

Tariman-Acosta, Kerima Lorena. 2011. "Who Is Ericson Acosta?" <http://freeacosta.blogspot.com/2011/04/who-is-ericson-acosta.html>

Tolentino, Rolando. 2007. *Sipat Kultura Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral at Pagtuturo ng Panitikan*. Ateneo De Manila University Press, Lungsod Quezon.

Torres-Yu, Rosario (ed.). 2006. *Kilates Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas*. University of the Philippines Press, Lungsod Quezon.

“35th National Book Awards Finalist.” 2016. *Books Philippines*.
<http://booksphilippines.gov.ph/35th-national-book-awards-finalists/>

Tungkol sa May-akda:

KEVIN P. ARMINGOL

Nagtapos si Kevin P. Armingol ng BSE Filipino sa PNU Manila bilang Literary Editor ng The Torch Publications. Nagkamit ng gantimpalang CEGP Gawad Eman Lacaba, UST Gawad Jose Villa Panganiban at naging fellow sa Palihang Rogelio Sicat 6 ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Far Eastern University Manila at tinatapos ang kursong MA Araling Pilipino sa UP Diliman. Aktibong kasapi ng Tanggol Wika.